

# Manatiling Makipag-ugnayan sa FEMA upang Matulungang Panatilihing Naaayon ang Iyong Pagbangon

---

Release Date: November 30, 2023

HONOLULU – Ang nawawala o maling impormasyon ay maaaring maka-antala sa paghahatid ng tulong ng FEMA. Iyon ang dahilan kung bakit hinihikayat ng FEMA ang mga may-ari ng bahay at nangungupahan na bumabangon mula sa mga sunog sa Agosto sa Maui na manatiling nakikipag-ugnayan sa ahensya at panatilihing napapanahon ang kanilang impormasyon hangga't maaari.

Makipag-ugnayan sa FEMA upang i-update ang iyong aplikasyon, makuha ang katayuan ng iyong kaso o magtanong tungkol sa proseso ng tulong sa sakuna.

Makakatulong din ang FEMA na ikonekta ka sa mga serbisyong nagbibigay ng pagpapayo sa krisis at tulong legal sa kalamidad at mga programang non-profit na nag-aalok ng mga karagdagang mapagkukunan. Ang mga espesyalista sa FEMA ay maaari din nilang suriin kung ang programa ng Indibidwal na Tulong ay maaaring sakupin ang pinsala na hindi sinasaklaw ng iyong insurance.

Narito kung paano manatiling nakikipag-ugnayan sa FEMA:

- Gumawa ng online account sa [DisasterAssistance.gov](https://DisasterAssistance.gov). Kung mayroon ka na, maaari kang mag-log in upang i-update ang iyong katayuan o i-upload ang iyong mga dokumento.



**FEMA**

Page 1 of 2

- Tawagan ang **FEMA Helpline** sa **800-621-3362**. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay gaya ng Serbisyo ng Video Relay, serbisyo ng telepono na may caption o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon kapag tumawag ka. Available ang mga operator ng helpline mula **1 a.m. hanggang 8 p.m.**, pitong araw sa isang linggo at nagsasalita sila ng maraming wika. Pindutin ang 2 para sa Espanyol. Pindutin ang 3 para sa tagapagsalin na nagsasalita ng iyong wika.
- Maaari kang magpadala ng fax sa FEMA sa **800-827-8112** at magbigay ng kopya ng iyong insurance settlement at iyong sulat ng apela. Maaari ka ring magsumite ng mga dokumento sa address na ito:

## **FEMA National Processing Service Center**

**P.O. Box 10055**

**Hyattsville, MD 20782-8055**

Kapag nakikipag-ugnayan sa FEMA, maging handa na ibigay sa espesyalista ang siyam na digit na numero na itinalaga sa iyo noong nag-apply ka para sa tulong sa kalamidad.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa malaking sunog (wildfire) sa Maui, bisitahin ang [mauicounty.gov](http://mauicounty.gov), [mauirecovers.org](http://mauirecovers.org), [fema.gov/disaster/4724](http://fema.gov/disaster/4724) at [Hawaii Wildfires - YouTube](https://www.youtube.com/watch?v=HawaiiWildfires). I-follow ang FEMA sa social media: [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) at [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema). Maaari ka ring makakuha ng impormasyon sa tulong sa sakuna at mag-download ng mga aplikasyon sa [sba.gov/hawaii-wildfires](http://sba.gov/hawaii-wildfires).



**FEMA**

Page 2 of 2